# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 6*
# *Hindi ba kayo Marapat Magsilakad sa Takot sa ating Dios*

***''1 Nang magkagayo'y umalingawngaw ang malakas na daing ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa kanilang mga kapatid na mga Judio, 2 Sapagka't may nagsisipagsabi, Kami, ang aming mga anak na lalake at babae ay marami: tulutan kaming magsikuha ng trigo, upang aming makain at mabuhay kami. 3 ay nagsisipagsabi naman: Aming isinasangla ang aming mga bukid at ang aming mga ubasan, at ang aming mga bahay: tulutan kaming magsikuha ng trigo, dahil sa kasalatan. 4 May nagsisipagsabi naman: Aming ipinangutang ng salapi ang buwis sa hari na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga ubasan 5 Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman ng aming mga kapatid, ang aming mga anak ay gaya ng kanilang mga anak: at, narito, aming dinadala sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalake at babae upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang makatulong; sapagka't ibang mga tao ang nagtatangkilik ng aming bukid at ng aming mga ubasan. 6At ako'y nagalit na mainam, nang aking marinig ang kanilang daing at ang mga salitang ito. 7 Nang magkagayo'y sumangguni ako sa aking sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal na tao at sa mga pinuno, at nagsabi sa kanila, Kayo'y nangagpapatubo, bawa't isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagdaos ng malaking kapulungan laban sa kanila. 8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita. 9 Sinabi ko rin, Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: <u>hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios,</u> dahil sa pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway?10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng langis, na inyong hinihingi sa kanila. 12 Nang magkagayo'y sinabi nila, Aming isasauli, at wala kaming hihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Nang magkagayo'y tinawag ko ang mga saserdote at pinanumpa ko sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito. 13 Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabi, Ganito ipagpag ng Dios ang bawa't tao mula sa kaniyang bahay, at mula sa kaniyang gawain, na hindi tumupad ng pangakong ito; sa makatuwid baga'y ganito ipagpag siya, at mahungkag. At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito." (Nehemias 5:1-13 KJV)***

Si Nehemias sa kanyang pamumuno sa buong bayan ng Jerusalem habang siya'y patungo sa gawain ng muling pagtatayo ng pader ng Jerusalem at pagtatayo ang kanyang pamahalaan, siya naharap sa isang bagong suliranin, na isang bagong hamon para sa kanya; ang suliranin ng mga tao na nalagay sa kaguluhan dahil sa gawain ng utang at pagpapatubo. Kumuha sila ng pautang sa iba, at may tubo dahil sa kanilang pangangailangan sa pananalapi, ngunit nalagay sa ilalim ng pagkaalipin ng patubo na kailangan nilang bayaran ang tubo at hindi lamang sa kapital.

Malinaw na ang malinaw na dahilan nito ay ang kawalan ng takot sa Diyos, kaya nga sinabi ni Nehemias sa mga nagdulot ng problemang ito sa talata 9, ***<u>hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios</u>."*** Ang mga taong nagpapautang sa iba ng salapi kasama ang tubo sila'y mananampalataya at pinagpala ng Panginoon, ngunit hindi nila ginamit ang kanilang salapi upang tulungan ang mga nasa kahirapan at mapagkailangan sa halip ginamit nila ang kanilang salapi sa isang sakim at makasariling paraan na nagdulot sa iba na maghirap pa sa ilalim ng pangigipit sa pangangailangan sa pananalapi. Nang kanilang kinukuha na ang patubo sa kanila, at ang mga tao ay hindi makapagbayad. At sila'y napilitang isangla ang kanilang mga lupain para sa lamang makabili ng pagkain, kaya sila'y ginawang mga upahan lamang na manggagawa sa trabaho sa kanilang sariling mga lupain. Bukod dito ang mga taong iyon ay nangutang para pambayad ng buwis sa hari ngunit hindi pa rin nila kayang magbayad dahil sa pagsasagawa ng pagpapatubo ng mga mananampalataya na nagpautang sa kanila. Nang dahil sa hindi nila kayang magbayad ang ilan sa kanila napinilitang ipagbili ang kanilang mga anak na babae at lalaki bilang alipin at kinuha ng mga hindi mananampalataya bilang alipin. Ang ilan din ay ipinagbili ang kanilang mga anak na babae na kinuha nila para sa pag-aasawa sapagkat sila'y nasa pagkakautang; na ang kanilang mga anak na babae ay napilitang mag-asawa kahit sa hindi mga mananampalataya.

Si Nehemias, ang kanyang mga kapatid at ang kanyang mga tauhan ay nagtutulungan bilang isang pangkat; pinapahiram nila ang mga tao ng salapi upang tulungan silang makayanan nila ang panggigipit sa pananalapi na sila'y nakapaloob doon ngunit hindi sila kumukuha ng anumang tubo mula sa kanila o ginigipit sila. Ngunit ang tubo ng mga mananamapalatayang iyon ay pinipilit ang kanilang mga kapatid na magbayad sa pagkuha ng kanilang kita at ginigipit silang isangla ang kanilang mga lupain at bukirin at pinipilit maging ipagbili ang

kanilang mga anak, Kaya si Nehemias kasama ng kanyang mga tauhan ay tinutulungan ang mga tao na mabuhay at tustusan ang kanilang pamilya at tinutulungan nila silang makabayad sa kanilang mga utang dahan-dahan unti-unti.

Ginagawa iyon ni Nehemias dahil siya'y natatakot sa Panginoon at sinanay ang kanyang mga kapatid at ang mga taong kasama niya upang gawin iyon. Ang kanyang ministerio ay upang palayain ang mga tao, at tulungan ang mga tao at palayain sila mula sa pagkaalipin ng kahirapan, palayain sila mula sa pagkaalipin sa utang, mula sa pagkaalipin sa pagkaalipin, mula sa pagkaalipin sa hindi mananampalataya at lumabas mula sa pagkaalipin sa pag-aasawa sa hindi mananampalataya. Ginagawa iyon ni Nehemias alinsunod sa Salita ng Dios. Ipinapayo ng Salita ng Dios sa atin na maging mabait sa mga taong nakapalibot sa atin at lalo na sa ating tunay na mga kapatid na lalaki at babae sa pananampalataya. Si Nehemias ay pinuno, at siya ay tagapagbantay, ang pinakapuno sa buong bayan ng Dios, kaya tinupad niya ang kanyang mga tungkulin at pananagutan sa kanila:

1. ***Ang tagpagbantay ay nakikita at tinutugunan ang pangangailangan ng kanyang mga kapatid: "35 At kung maghirap ang iyong kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang taga ibang bayan at nakikipamayan. 36 Huwag kang kukuha sa kaniya ng patubo o pakinabang, kundi matakot ka sa iyong Dios: patuluyin mo ang iyong kapatid. 37 Ang iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kaniya na may patubo, ni ibibigay mo sa kaniya na may pakinabang ang iyong pagkain. 38 Ako ang Panginoon ninyong Dios, na inilabas ko kayo sa lupain ng Egipto, upang ibigay ko sa inyo ang lupain ng Canaan, at ako'y maging inyong Dios." (Levitico 25:35-38 KJV)*** Tinulungan ni Nehemias ang mga kapatid na nangangailangan at pinahiram sila nang walang tubo. Mabuting pinakitunguhan ni Nehemias ang mga kapatid na nangangailangan; hindi niya itinuring sila bilang mga alipin, hindi siya nanamantala sa mga kapatid at hindi kinuha ang kanilang mga lupain at bukirin bilang sangla nang tinulungan sila. ***"patuluyin mo ang iyong kapatid"*** ang ibig sabihin niya rito ay na kung hindi mo tutulungan ang iyong kapatid na nangangailangan maaring siyang mapilitang pumunta sa hindi mga mananampalataya at humingi ng tulong at humiram sa kanila, at sa ganoon hindi lamang siya magiging alipin kundi hindi na niya makakayang makapmamuhay sa bayan ng Dios, kaya naman ang layunin ng pagpapautang ng salapi sa mga kapatid nang walang tubo upang sila'y hindi mapilitang mawala ang kanilang pananampalataya o baguhin ang kanilang pananampalataya kung sila'y nasa pangangailangan at hindi tinulungan ng mga kapatid

2. ***Ang tagapagbantay ay ginagawa at tingnan na ang kanyang kapatid ay pinalaya at hindi sa pagkaalipin ng ibang tao: "47 At kung ang taga ibang lupa o ang nakikipamayan na kasama mo ay yumaman, at ang iyong kapatid ay maghirap sa siping niya, at pabili sa taga ibang bayan o nakikipamayan sa iyo o sa sinomang kasangbahay ng taga ibang lupa; 48 Pagkatapos na siya'y maipagbili ay kaniyang matutubos: isa sa kaniyang mga kapatid ay makatutubos sa kaniya: 49 O ang kaniyang amain o ang anak ng kaniyang amain ay makatutubos sa kaniya; o sinomang kamaganak na malapit niya sa kaniyang sangbahayan ay makatutubos sa kaniya; o kung yumaman siya ay makatutubos siya sa kaniyang sarili. 50 At kaniyang bibilangan yaong bumili sa kaniya, mula sa taong bilhin siya hanggang sa taon ng jubileo: at ang halaga ng pagkabili sa kaniya ay magiging ayon sa bilang ng mga taon; at gagawin sa kaniya ay ayon sa panahon ng isang lingkod na upahan. 51 Kung maraming taon pa ang kulang niya, ayon sa dami ng mga iyan, ay isasauli ang halaga ng kaniyang pagkatubos sa kaniya na salaping sa kaniya'y ibinili. 52 At kung kaunti ang mga taong nagkukulang hanggang sa taon ng jubileo ay ibibilang sa kaniya; ayon sa kaniyang mga taon na nagkukulang ay isasauli ang halaga ng kaniyang katubusan. 53 Kung paano ang alilang may bayad sa taon-taon, ay gayon matitira sa kaniya: siya'y huwag papapanginoon sa kaniya na may kabagsikan sa iyong paningin." (Levitico 25:47-53)*** Ginawa ni Nehemias ang kanyang bahagi upang tulungan at palayain ang kanyang mga kapatid na nasa ilalim ng kapangyarihan ng ibang tao na ipinagbili ang kanilang sarili sa mga hitano, ang mga hindi mananampalataya, at malaya silang ibinalik ni Nehemias. Binayaran sila ng Nehemias upang sila'y makalaya. Ngunit ang ibang mga mananampalataya na nagpahiram sa kanila nang may tubo ipinagbili silang muli kay Nehemias at ibinigay sa kanya ang higit na pasanin, ***"8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita." (Nehemias 5:8)*** Ang mga kapatid na hindi natatakot sa Dios ginawa nilang doble ang trabaho kay Nehemias at sa mga kasama niya.

Maging sa ngayon tayo'y nagdurusa mula sa ganyang mga kapatid at simbahan na hindi natatakot sa Dios, hindi lamang sa bagay ng pagpapahiram na may tubo kundi sa ibang mga bagay din. Tinuturuan natin ang ating mga anak na huwag manood ng TV at mobile at ang mga magulang binigyan nila ng mobile at pinahintulutan silang manood ng TV, at ginawang doble ang trabaho sa atin, sinabi ko na huwag paghahaluin ang mga batang lalaki at batang babae at tinuruan ang tungkol sa mga panganib noon, ngunit pinahintulutan nila iyon at gumawa ng

kaguluhan mula doon na iyon ay nagdoble sa atin. Sinabi ko walang makeup ngunit pinapayagan nila ang kanilang mga lumalaking anak na babae na maglagay ng makeup at ipinagmamalaki nila ang mga ito. Sinabi kong maging mabuting tagapamahala at walang pagsasayang ng pera, ngunit pumupunta sila sa mga pagtitipon at nagsasayang ng pera sa ibang mga aktibidadis, programa at paglalaanan. Matakot sa Dios at huwag gawing doble ang trabaho ng simbahan at sa mga natatakot sa Dios at matapat na naglilingkod sa Panginoon.

Si Nehemias at ang mga kasamahan niya ay masigasig na kumikulos upang palayain ang mga kapatid mula sa pagkakautang. * Kailangang gawin natin ang katulad, at sa mga nasa pagkaalipin kailangan nilang gawin ang kanilang pinakamahusay upang palayain ang kanilang sarili, at kailangan nating gawing posible bilang pangkat upang palayain ang tiyak na mga tao na nasa pagkaalipin at sa pagkautang kung sila'y handang magsisi at kumawala mula sa kasalanan at handang maturuan at madisipolo at sundin ang Dios. * Kapag ikaw ay nasa pagkakautang at hindi mo kayang gawing mag-isa sa gayon maari kang humingi ng tulong sa bagay na ito at gagawi natin bilang isang pangkat upang gawin iyon, tulad ng apat na nagbuhat ng lumpong lalaki kay Jesus at nang nakita Niya ng kanilang pananampalataya na sinabayan ng paggawa pinagaling ni Jesus ang lalaking iyon. * Gayundin kung ikaw ay nasa pagkakautang sa gayon maging handa na bayaran ang iyong utang dahil sinasabi ng Bibliya sa mga nanghihiram at ayaw magbayad ay masama, ***"21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay." (Awit 37:21 KJV)***

Kailangang gawin natin ang ating bahagi upang tulungan nag mga tao at palayain sila. Ating matutunan ang higit pa tungkol doon mula sa sumusunod na Kasulatan: ***"8 Bukhin mo ang iyong bibig sa pipi, sa bagay ng lahat ng naiwang walang kandili. 9 Bukhin mo ang iyong bibig, humatol ka ng katuwiran, at mangasiwa ka ng kahatulan sa dukha at mapagkailangan." (Kawikaan 31:8-9 KJV)*** Kailangan nating tulungan at magsalita para sa mga nasa ilalim ng walang katarungan at hindi kayang tulungan ang kanilang sarili. ***"17 Mangatuto kayong magsigawa ng mabuti; inyong hanapin ang kahatulan, inyong saklolohan ang napipighati, inyong hatulan ang ulila, ipagsanggalang ninyo ang babaing bao." (Isaias 1:17 KJV)*** Tayo ay tinawag upang tulungan ang naaapi, upang ipagtanggol ang kapakanan ng mga ulila at ang balo. ***"16 Kaniyang hinatulan ang usap ng dukha at mapagkailangan; nang magkagayo'y ikinabuti nga. Hindi baga ito ang pagkilala sa akin? sabi ng Panginoon." (Jeremias 22:16 KJV)*** Sa parehong paraan ito ay magiging maayos sa atin kapag ipinagtanggol natin ang kapakanan ng mga dukha at mga mapagkailangan at sa mga nasa kapighatian at kagulugan at iyon ay daan upang makilala ang Dios.

***"42 Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang." (Mateo 5:42 KJV)*** Dito si Jesus ay nagsasabi na pautangin ang mga mapagkailangan, sa bayan ng Judio na nasa Kautusan ng Dios ay sinabi na pautangin ang kanilang mga kapatid na lalaki nang walang tubo at walang interes. ***"25 Kung magpautang ka ng salapi sa kanino man sa aking bayan na kasama mo na dukha, huwag kang magpapakamanunubo sa kaniya ni hihingan mo man siya ng tubo." (Exodu 22:25 KJV) "19 Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, tubo ng anomang bagay na ipinahihiram na may tubo:" (Deutronomio 23:19 KJV)*** Kaya't hindi natin pauutangin ang ating mga kapatid na lalaki na mapagkailangan ng may interes o tubo, ***"8 Kundi iyo ngang bubukhin ang iyong kamay sa kaniya, at iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kaniyang kailangan sa kaniyang kinakailangan." (Deutronomio 15:8 KJV)***

Ngunit sa Kautusan ng Dios ay pinapahintulutan ang mga Judío na magpahiram sa mga dayuhan ng may interes o tubo, ***"20 Sa isang taga ibang lupa ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni't sa iyong kapatid ay huwag kang magpapahiram na may tubo: upang pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong pinapasok upang ariin." (Deutronomio 23:20 KJV)***
***"30 Bigyan mo ang bawa't sa iyo'y humihingi; at sa kumuha ng pag-aari mo, ay huwag mong hinging muli." (Lucas 6:30 KJV)*** Narito sinabi ni Jesus ang tungkol sa pagpapahiram, ***"at sa kumuha ng pag-aari mo, ay huwag mong hinging muli."***; ang ibig Niyang sabihin dito ay kapag ikaw ay nagpahiram at ang isang tao na kumuha mula sa iyo ay hindi kayang magbayad o ibalik ang nahiram niya mula sa iyo dahil sa ilang kadahilanang kalagayan na nakagawa sa kanya na hindi makapagbayad o ang kanyang kalagayan ay mahirap o walang pagkakakitaan at hindi niya kayang magbayad sa ganoon kalagayan hindi mo na kailangang hingin sa kanya gaya ng sinabi ni Jesus, ***"huwag mong hinging muli."***, kundi patawarin ang taong iyon sa gayong dahilan at ang Dios ang maggagantimpala sa iyo.

Gayundin sa katapusan ng pitong taon pagkatapos mong magpahiram at ang isang tao at hindi kayang magbayad sa iyo, sa gayon maari mo na siyang palayain ayon sa kautusang ito, ***"1 Sa katapusan ng bawa't pitong taon ay magpapatawad ka ng iyong mga pautang. 2 At ito ang paraan ng pagpapatawad: bawa't may pautang ay magpapatawad ng kaniyang ipinautang sa kaniyang kapuwa; huwag niyang sisingilin sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapatid; sapagka't ang pagpapatawad ng Panginoon ay ipinahayag." (Deutronomio 15:1-2 KJV)*** Kung ang isang tao ay dukha at hindi kayang magbayad sa iyo sa gayon patawarin siya at huwag hinggang muli, gaya ng iniutos ni Jesus sa atin, at ang Dios ang maggagantimpala sa iyo at magbabalik nito sa iyo.

Ngunit kung ang isang tao ay kayang magbayad at nakikita mo na may pagkakakitaan siya at mapagkukunan na kaya niyang magbayad ngunit hindi ka niya binabayaran, kailangan mong singilin siya at ipaalala sa kanya o bantaan siya, ngunit hintayin siya na pumunta at ibigay ito sa iyo. Ang biyaya at awa ay kailangan upang isagawa ang anumang kinakailangan gaya ng itinuturo sa atin ng Banal na Kasulatan***, “10 Pagka ikaw ay magpapahiram sa iyong kapuwa ng anomang bagay na hiram, ay huwag kang papasok sa kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang sangla. 11 Ikaw ay tatayo sa labas, at ang taong iyong pinahihiram ay maglalabas ng sangla sa iyo.” (Deutronomio 24:10-11 KJV)***

***“35 Datapuwa't ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at gawan ninyo sila ng mabuti, at mangagpahiram kayo, na kailan man ay huwag mawawalan ng pagasa; at malaki ang sa inyo'y magiging ganti, at kayo'y magiging mga anak ng Kataastaasan: sapagka't siya'y magandang-loob sa mga walang turing at sa masasama.” (Lucas 6:35 KJV)*** Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa ***“huwag mawawalan ng pagasa”***¸ ay hindi maunawaan na huwag umasa na babayaran ang perang ipapautang mo, sapagkat kung gayon ito ay pagbibigay, at hindi pagpapahiram; kundi huwag umasa ng anumang tubo o interes para sa pagpapahiram nito. Sa pamamagitan ng Salita ni Jesus na ito, ***“huwag mawawalan ng pagasa”***¸ nauunawaan din natin na hindi natin maaaring ipahiram ang ating pera para sa mga hindi mananampalataya nang may tubo o interes.

Si Nehemias ay isang tao na may takot sa Dios, kaya’t nang ang bagay ay dumating sa kanya itinuloy niyang lutasin ang isyu gaya ng sumusunod na mga hakbang na maari nating kupkupin sa ating buhay at ministerio para lutasin ang ganoon at ang tiyak na mga isyu:

***A. Kilalanin ang maling ginawa na nangyayari: “1 Nang magkagayo'y umalingawngaw ang malakas na daing ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa kanilang mga kapatid na mga Judio,” (Nehemias 5:1 KJV)*** Nang ang mga tao’y humiyaw laban sa kanilang mga kapatid, Si Nehemias ay nakinig sa kanila at kaagad nakilala ang kasalanan ng patubo, kasakiman, ang pagibig sa salapi, pagkamakasarili, walang takot sa Dios, at walang pagsasaalang-alang sa iba, at ang pagsasagawa ng pagpapahiram para sa walang tunay na kadahilanan at inilagay ang kanilang sarili sa utang, sapagkat maraming nanghihram na may maling mga dahilan, o nanghihiram at kumukuha ng mga pagkautang nang walang balak na magbayad ay kasalanan din. Kailangan nating tingnan kung nasaan ang kasalanan at ano ang mga ito at iyon ay ang pagkukusa para sa atin upang harapin sila.

***B. Dinggin ang buong daing ng mga tao at unawaing mabuti ang kanilang sinasabi:*** Kailangan mong maunawan ang buong salaysay gaya ng atin napagmasdan mula sa ginawa ni Nehemias gaya ng ating mababasa rito ***“2 Sapagka't may nagsisipagsabi, Kami, ang aming mga anak na lalake at babae ay marami: tulutan kaming magsikuha ng trigo, upang aming makain at mabuhay kami. 3 ay nagsisipagsabi naman: Aming isinasangla ang aming mga bukid at ang aming mga ubasan, at ang aming mga bahay: tulutan kaming magsikuha ng trigo, dahil sa kasalatan. 4 May nagsisipagsabi naman: Aming ipinangutang ng salapi ang buwis sa hari na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga ubasan 5 Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman ng aming mga kapatid, ang aming mga anak ay gaya ng kanilang mga anak: at, narito, aming dinadala sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalake at babae upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang makatulong; sapagka't ibang mga tao ang nagtatangkilik ng aming bukid at ng aming mga ubasan.” (Nehemias 5:2-5 KJV)***

***C. Kumilos nang maayos, kumilos at huwag magalit: “6 At ako'y nagalit na mainam, nang aking marinig ang kanilang daing at ang mga salitang ito. 7 Nang magkagayo'y sumangguni ako sa aking sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal na tao at sa mga pinuno, at nagsabi sa kanila, Kayo'y nangagpapatubo, bawa't isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagdaos ng malaking kapulungan laban sa kanila.” (Nehemias 5:6-7 KJV)*** Nang napagtanto ni Nehemias ang lahat ng nangyayari, siya’y nagalit sapagkat sila’y nagkakasala laban sa kanilang mga kapatid. Ngunit si Nehemias ay kumilos nang matalino. Nilutas niya sa pagharap sa mga nagkasala, at kinausap niya sila harap-harapan at ipinaalala sa kanila ang kanilang mga kasalanan, sinaway sila at para sa ganitong layunin tinipon niya sila sa isang kapulungan. Ang katulad sa iyo o sa kailangan nating gawin, Kapag ikaw o tayo’y naghihinagpis sa kasalanan ng mga tao, ikaw o tayo ay hindi dapat manahimik at saktan ang iyong sarili o ating sarili, kundi pumunta at harapin sila at talakayin sa kanila ang kasalanan na ginawa nila. Sumangguni si Nehemias sa kanyang sarili at inisip kung ano ang kailangan niyang gawin. Sa parehong paraan, huwag magalit, ngunit isipin at kumilos nang naaangkop kung paano haharapin ang kasalanan at ang mga makasalanan.

***D. Ipaliwanag nang maayos sa kanila ang kanilang mga kasalanan at ang epekto nito at kung paanong sila’y hindi natatakot sa Dios: “8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na manaipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita. 9 Sinabi ko rin, Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: <u>hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios,</u> dahil sa pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway?” (Nehemias 5:8-9***

***KJV)*** Ipinaliwanag ni Nehemias sa mga kapatid na nagsasagawa ng patubo na itinutulak nila ang kanilang mga kapatid na mapasailalim pa sa panggigipit sa pananalapi at kalaunan itinutulak sila na mapasailalim sa mga hindi mananampalataya at maging pagkawala ng kanilang pananampalataya. Si Nehemias at ang kanyang pangkat sa pagkatakot sa Panginooon tinutulungan nila na palayain ang kanilang mga kapatid mula malaking pagkaalipin gaya ng naipaliwanag natin noong una. Ngunit sa mga nagpahiram sa kanila nang may patubo ay may epekto sa paggawa ng kabaligtaran sa ginawa ni Nehemias. Sila'y nagsasagawa kabaligtaran sa katuruan ng Salita ng Dios. Ang mga nagsasagawa ng kabaligtaran sa katuruan ng Salita ng Dios at sa ating natutunan, sa gayon ikaw o tayo ay kailangan yumaon at harapin sila at ipaliwanag sa kanila na sinasaktan nila ang mga tao at sinasaktan ka at ang ating pagsisikap sa pagtulong sa mga tao.

***E. Isulong ang mga balangkas ng kailangan nilang sundin: "10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng langis, na inyong hinihingi sa kanila." (Nehemias 5:10-11 KJV)*** Inilagay ni Nehemias sa harapan ang mga salarin na kailangan nilang gawin at sa malinis na paraan. *Una,* na ihinto ang kanilang maling ginawa, na ihinto ng pagpapauntang ng may patubo, ihinto din ang panghihiram nang walang tunay na dahilan; at *Pangalawa,* sa pagpapanumbalik ng mga nawala, at pagbabayad sa mga naapektuhang pangkat. Ikaw o tayo ay kailangang magbigay lunas sa mga nagkasala kung paanong magsisi sa pagtutuwid sa maling gawain na kanilang ginawa.

***F. Magkaroon ng pananapalataya sa Dios at asahan na ang mga tao ay susunod sa mga tagubilin: "12 Nang magkagayo'y sinabi nila, Aming isasauli, at wala kaming hihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Nang magkagayo'y tinawag ko ang mga saserdote at pinanumpa ko sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito." (Nehemias 5:12 KJV)*** Nang ipinatupad ni Nehemias ang tamang dahilan at ang iminungkahi ang mga tao ay nagsisi at handang sumunod. Magkaroon ng mabuting pananampalataya at lakas ng loob at asahan ang bunga at pagsisisi sa buhay ng mga tao na iyo o sa minimisterio natin.

***G. Maglagay ng panukat upang ipatupad ang disiplina ng Salita ng Dios sa ngayon at sa hinaharap: "13 Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabi, Ganito ipagpag ng Dios ang bawa't tao mula sa kaniyang bahay, at mula sa kaniyang gawain, na hindi tumupad ng pangakong ito; sa makatuwid baga'y ganito ipagpag siya, at mahungkag. At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito." (Nehemias 5:1-13 KJV)*** Itinakda ni Nehemias ang tuntunin ng disiplina na hanggang sa ngayon ay nakatakda, na ang mga hindi hihinto sa pagsasagawa ng patubo sila'y hindi ituturing bilang bahagi ng bayan ng Dios; sila'y nayanig, at sila'y hindi maliligtas kung sila'y hindi magsisisi. Sa parehong paraan ating ginamit ang Salita ng Dios nang matalino sa pagpapatupad ng kalooban ng Dios at upang protektahan ang simbahan at ang ministerio sa hinaharap mula sa iba pang pagsalangsang.

***H. Gamitin ang maramihang pagdidisiplina sa paglapit at sa pagharap sa mga suliranin at tulungan ang mga tao.*** Matutulungan natin ang mga tao hindi lamang sa pagbibigay ng materyal na mga bagay kundi sa pananalangin sa kanila, pagbabahagi sa kanila ng mensahe ng kaligtasan, pagtuturo sa kanila ng Salita ng Dios, pagbibigay sa kanila ng bilin at payo upang makawala at makabawi sa kanilang mga suliranin.

***I. Lumapit sa simbahan upang humingi ng mga payo at buksan ang mga isyu hindi lamang mag-ulat sa kanila kundi hanapin ang mga payo at direksyon.*** Palagi kami handa na makinig sa iyo at upang alalayan ka sa mga kagulugan na iyong pinagdaraanan, Ngunit kailangan mong maging bukas, handang makinig sa mga pagtuturo at ipatupad sa iyong buhay upang maykaroon ng pag-unlad.

***Sa aking mahal ay minamahal:*** *Pagtuunan ang mensahe at siyasatin ang natutunan natin ngayon at pagbulayan ito at isagawa sa iyong buhay.*

*Mamuhay, maglingkod sa Dios at kumilos nang may takot sa Dios upang wakasan ang kasalanan, wakasan ang pagdurusa ng mga tao mula sa pang aabuso at pang aapi, at protektahan ang iyong ministeryo at ipatupad ang mga tunay na patnubay na tutulong sa iba, sa iyong mga anak, sa iyong pamilya, sa iyong mga disipulo at sa susunod na salinlahi na maglilingkod sa Diyos at mamuhay ayon sa Kanyang kalooban.*
*Tayo ay manalangin,*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na binuksan sa akin ang daan na harapin ang kasalanan ng patubo at ang ibang mga kasalanan na inaalipin ang iba at kung paanong tulungan ang mga inabuso at inapi upang makalaya at maginhawaan mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kadiliman, Panginoon salamat sa iyo*

*para sa lahat ng katuruan na natanggap namin mula sa iyong Salita at sa mabuting halimbawa ni Nehemias sa pagiging pinuno at tagapagbantay na tumulong sa mga tao upang mapalaya.*

*Ipahayag at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang kasalanan ng kasakiman, ang pagibig sa salapi, ang kasalanan ng patubo, ang kasalanan ng kawalang ingat at pagkamakasarili, ang kasalanan ng paglalagay sa iyong sarili sa utang, ang kasalanan ng panghihiram, at pagkuha ng mga utang sa kawalang kagustuhang magbalik, ang kasalanan ng pang-aabuso, ang pang-aapi, ang pananamantala sa dukha at kawalan ng takot sa Dios. Panginoon ipinahayag ko at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ___________________________.*

*Panginoon ipinagako ko ang aking sarili sa iyong mga landas at isalapat ang aking natutunan ngayon sa mensaheng ito, at upang maglagay ng matalinong kapaki pakinabang na mga hakbang upang harapin ang kasalanan, upang matulungan ang mga tao at wakasan ang kanilang pagdurusa, at upang maiwasan ang karagdagang mga pagkakasala. Panginoon hinihiling ko sa inyo na gabayan ako sa pagkakataong ito sa pagharap sa isyung ito ___________________. Bigyan mo ako ng karunungang kailangan at praktikal na mga hakbang para matulungan ang mga taong iyon ___________________, Salamat at pinupuri kita, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at ipinangako ko ang kanilang buhay na mamuhay para sa iyo. Panginoon, kami'y nanalangin na poprotektahan mo sila at iligtas sila mula sa masama at ibigay ang kanilang kailangan upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo. Nilalabanan naming ang lahat ng kapangyarihan ng kadiliman at ang gawa ng diablo laban sa iyong gawain, sa iyong bayan at laban sa simbahan sa pangalan ni Jesus.*

*Panginoon kami'y nanalangin bilang isang simbahan na pagpalain kami na kami'y mangagpatuloy na turuan at ipangaral ang iyong Salita at isakatuparan ang iyong kalooban sa aming buhay at sa pamumuhay ng aming pamilya at sa mga tao na aming inaabot. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan naming pumaroon at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain. Panginoon ibigay sa amin ang mapagkukunan na tumulong at palayain ang mga nasa ilalim ng kapangyarihan ng kadiliman na nagpaalipin sa kanila. Panginoon manguna ka sa amin, at pangunagahan kaming mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Diyos Yugto 6. Hindi ba nararapat na lumakad kayo sa takot sa ating Diyos. Nehemias 5:1-13. Levitico 25:35-38. Levitico 25:47-53. Mga Awit 37:21. Mga Kawikaan 31:8-9. Isaias 1:17. Jeremias 22:16. Mateo 5:42. Exodo 22:25. Deuteronomio 23:19. Deuteronomio 15:8. Deuteronomio 23:20. Lucas 6:30.Deuteronomio 15:1-2. Deuteronomio 24:10-11. Lucas 6:35.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com